


5

Music

Ikaapat na Markahan – Modyul 5: Paggamit ng Triyada Mayor



**Music – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikaapat na Markahan – Modyul 5: Paggamit ng Triyada Mayor
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa aklat na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Richard C. Varron

Editors: Deowel F. Abapo, Maria Caridad D. Ruedas, Eden Lynne V. Lopez

Tagasuri: Shirley L. Godoy, Jo-Ann Cerna-Rapada, Frolomea Narra T. Tañiza

Tagaguhit: Richard C. Varron

Tagalapat: Eden Lynne V. Lopez, Ma. Jayvee A. Garapan

Tagapamahala: Ma. Gemma M. Ledesma

Bebiano I. Sentillas

Rosemarie M. Guino

Joy B. Bihag

Ryan R. Tiu

Nova P. Jorge

Raul D. Agban

Lorelei A. Masias

Josemilo P. Ruiz

Shirley L. Godoy

Eva D. Divino

Jo-ann C. Rapada

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region VIII

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte

Telefax: (053) 832-2997

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

5

Music

**Ikaapat na Markahan – Modyul 5:
Paggamit ng Triyada Mayor**

Paunang Salita

Ang *Self-Learning Module* o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang mga Pilipino ay likas na nakahiligan ang pagkanta. Kasama na sa kultura ng mga Pilipino ang musika sa anumang aspekto ng buhay.

Mula rito, magandang may saliw ang isang awitin kung ito ay kinakanta. Ang bawat nota ay maaaring pagsama-samahin at pagsabay-sabayang tugtugin o awitin upang makabuo ng armonya o akorde. Ang akorde ay sabayang pagganap sa tatlo o higit pang tono. Ngunit, may mga tiyak na nota lamang na dapat isama upang maging kaaya-aya ang maging tunog nito. Sa pagsasama-sama ng mga nota, triyada (*triad*) ang tawag sa akordeng may tatlong magkakaibang nota. Maaari itong uriin sa dalawa na kung tawagin ay triyada mayor (*major triad*) at triyada menor (*minor triad*). Ngunit sa araling ito, gagamitin lamang natin ang triyada mayor.


Sa modyul na ito, matututunan nating magamit ang iba't ibang triyada mayor bilang pansaliw sa simpleng awitin (MU5HA-IVh-2).



Subukin

Panuto: Kilalanin ang *letter names* ng tatlong nota sa triyada. Isulat ang *letter names* sa patlang.

Pangalan ng triyada _____ 1.




Letter names: ___ 3. ___ 4. ___ 5.

Pangalan ng triyada _____ 2.



Letter names: ___ 6. ___ 7. ___ 8.

Pangalan ng triyada _____ 9.



Letter names: ___ 10. ___ 11. ___ 12.

(Varron n.d.)

Aralin

5


Paggamit ng Triyada Mayor

Sa araling ito, tatalakayin natin ang triyada mayor at kung paano ito ginagamit sa musika.



Balikan

Panuto: Tukuyin ang *letter name* ng bawat tiklado na makikita sa piyano na nasa ibaba.



(Varron n.d.)


1. ____ 2. ____ 3. ____ 4. ____ 5. ____ 6. ____ 7. ____ 8. ____ 9. ____ 10. ____




Tuklasin

Panuto: Tukuyin ang mga batayang tunugan (*key signature*) ng mga triyada mayor sa mga sumusunod na larawan sa ibaba. Isulat ang sagot sa patlang.


1. _____



2. _____



3. _____



(Varron n.d.)




Suriin


Ang armonya ay isang elemento ng musika na tumutuon sa maayos at magandang pagsasama-sama ng mga nota kapag ang mga ito ay tinutugtog o inaawit. Kapag ang tatlo o higit pang nota o tono ay sabay na tinutugtog o inaawit, tayo ay nakabubuo ng akorde. Ang pinakasimpleng akorde ay tinatawag na triyada. Ito ay binubuo ng ugat (pinakamababang tunog) o *root*, ang pangatlo (*thirds*), at ang panlima (*fifths*). Ang pangalan ng triyada ay ang *letter name* ng ugat o ang unang nota nito. Tingnan ang halimbawa ng triyada sa ibaba.

A. Iskalang C Mayor

Triyada na C sa istap/limguhit



Triyada na C sa piyano



May mga uri ng triyada sa musika na ginagamit bilang pansaliw sa mga awitin. Ito ay ang triyada mayor at triyada menor. Ang triyada mayor sa isang iskala ay ang mga sumusunod: una (I), ikaapat (IV), at ikalima (V). Kilala ang triyada mayor na ito bilang toniko o *tonic* (I), subdominante o *subdominant* (IV), at dominante o *dominant* (V). Sa isang iskala, ang lahat ng triyada na hindi kasama sa bilang I, IV at V ay tinatawag na triyada menor.

Sa iskalang C mayor, and toniko (I) ay binubuo ng mga nota na may *letter names* na C, E at G. Samantalang ang subdominante (IV) naman ay binubuo ng *letter names* na F, A at C. Ang dominante (V) naman ay binubuo ng *letter names* na G, B at D. Tingnan ang larawan ng istap sa ibaba upang mas maunawaan.

Toniko, Subdominante, at Dominante ng Iskalang C Mayor

Toniko: Triyadang C	Subdominante: Triyadang F	Dominante: Triyadang G
I	IV	V

(Varron n.d.)

B. Iskalang G Mayor

Sa iskalang G mayor, ang toniko (I) ay binubuo ng mga nota na may letter names na G, B at D. Ang subdominante (IV) naman ay binubuo ng letter names na C, E at G at ang dominante (V) naman ay binubuo ng letter names na D, F# at A. Tingnan ang larawan ng istap sa ibaba upang mas maunawaan.

G Major

G I Am Bm C IV D V Em F# dim G


C. Iskalang F Mayor

Sa iskalang F mayor, ang toniko (I) ay binubuo ng mga nota na may letter names na F, A at C. Ang subdominante (IV) naman ay binubuo ng letter names na Bb, D at F at ang dominante (V) naman ay binubuo ng letter names na C, E at G. Tingnan ang larawan ng istap sa ibaba upang mas maunawaan.

F Major

F I Gm Am Bb IV C V Dm E dim F


(Varron n.d.)



Pagyamanin

Gawain 1.


Panuto: Kilalanin ang mga triyada mayor na makikita sa istap. Isulat ang sagot sa patlang.



1. ____ 2. ____ 3. ____ 4. ____ 5. ____ 6. ____

Gawain 2.

Panuto: Gamitin ang ilustrasyon sa ibaba bilang kapalit sa piyano sa pagtugtog sa mga triyada mayor bilang saliw sa simpleng awitin.






AKO AY MAY LOBO

Verse 1

Ako ay may lobo, lumipad sa langit
Hindi ko na nakita pumutok na pala
Sayang ang pera ko binili ng lobo
Sa pagkain sana nabusog pa ako.


Gawain 3.

Panuto: Kilalanin ang *letter names* ng mga triyada mayor sa iskalang G mayor na nasa ilustrasyon ng piyano. Isulat ang sagot sa patlang.

	<i>Letter Names</i>	<i>Pangalan ng Triyada Mayor (Toniko, Subdominante, o Dominante)</i>
<p>A.</p> 	_____	_____
<p>B.</p> 	_____	_____
<p>C.</p> 	_____	_____

Gawain 4.

Panuto: Kilalanin ang *letter names* ng mga triyada mayor sa iskalang F mayor at ang pangalan nito na makikita sa istap. Isulat ang angkop na sagot sa hanay sa ibaba.



	Pangalan ng Triyada Mayor	<i>Letter Names</i>
A	_____	_____
B	_____	_____
C	_____	_____



Isaisip


Ano ang natutunan mo sa araling ito?

1. Natutunan ko na ang triyada ay _____.
2. Ang triyada ay binubuo ng _____ nota.
3. May tatlong triyada mayor, ito ay ang mga sumusunod: (1) _____
(2) _____
(3) _____
4. Mayroon ding tatlong iskala mayor, ito ay: (1) ____, (2) ____, at (3) ____.



Isagawa

Panuto: Gamitin ang ilustrasyon sa ibaba bilang kapalit sa piyano sa pagtugtog sa mga triyada mayor bilang saliw sa simpleng awitin.



BAHAY KUBO

G D G
Bahay kubo, kahit munti,
G D G
Ang halaman doon ay sari-sari
G D G
Singkamas at talong, sigarilyas at mani
C D G
Sitaw, batak, patani,
G D G
Kundol, patola, upo't kalabasa
G D G
At saka mayroon pang, labanos mustasa
G D G
Sibuyas, kamatis, bawang at luya
C D G
Sa paligid-ligid, ay puno ng linga



Tayahin

A. Panuto: Gumawa ng matibay na ilustrasyon ng isang piyano (*dummy piyano*) upang gamitin sa pag-eensayo sa pagtugtog ng mga triyada mayor.

Three musical staves in treble clef showing major triads. The first staff shows three chords: C major (C4, E4, G4), F major (F4, A4, C5), and G major (G4, B4, D5). The second staff shows three chords: D major (D4, F#4, A4), A major (A4, C#5, E5), and E major (E4, G#4, B4). The third staff shows three chords: B major (B4, D#5, F#5), F# major (F#4, A#4, C#5), and C# major (C#4, E#4, G#4).

(Varron n.d.)

B. Panuto: Ihanda ang iyong ilustrasyon sa piyano at gamitin ang iba't ibang triyada mayor na makikita larawan sa itaas bilang saliw sa simpleng awitin. Pagkatapos, irekord ang pagtipa sa *dummy piyano* sa pagtugtog nito.



Karagdagang Gawain

Panuto: Magsaliksik ng mga simpleng awitin na may saliw gamit ang triyada mayor at tugtugin ito gamit ang ginawang ilustrasyon sa piyano. Gayun din, irekord ang inyong pagtipa sa *dummy piyano*.

Pamantayan (Rubrik)

Gamitin ang rubrik na ito sa mga sumusunod:

1. Pagyamanin - Gawain 2 (Ako ay may Lobo)
2. Isagawa (Bahay Kubo)
3. Tayahin

Kasanayan	Napakahusay (3 puntos)	Mahusay (2 puntos)	Di-Gaanong Mahusay (1 puntos)
1. Galing sa pagpindot sa ilustrasyon ng piyano gamit ang mga triyada mayor.			
2. Bilis sa pagpindot sa ilustrasyon ng piyano gamit ang mga triyada mayor.			
3. Koordinasyon sa pagpindot sa ilustrasyon at pag-awit sa kanta.			



Susi sa Pagwawasto

<p>ISAISIP</p> <p>1. (<i>alin man sa mga sumusunod</i>) - ang pinakasimpleng akorde - binubuo ng ugat, pangatlo, at panlima</p> <p>2. tatlong (3)</p> <p>3. (<i>kahit hindi sunod-sunod ang sagot</i>) (1) toniko, (2) subdominante, (3) dominante</p> <p>4. (<i>kahit hindi sunod-sunod ang sagot</i>) (1) C (2) G (3) F</p> <p>ISAGAWA <i>Sumangguni sa Rubrik</i></p> <p>TAYAHIN <i>Sumangguni sa Rubrik</i></p>	<p>TUKLASIN</p> <p>1. C 2. G 3. F</p> <p>PAGYAMANIN</p> <p>Gawain 1</p> <p>1. F 2. G 3. C 4. G 5. F 6. C</p> <p>Gawain 2 <i>Sumangguni sa Rubrik</i></p> <p>Gawain 3</p> <p>A. C E G - Subdominante B. G B D - Toniko C. D F# A - Dominante</p> <p>Gawain 4</p> <p>A. F - F A C B. C - C E G C. Bb - Bb D F</p>	<p>SUBKIN</p> <p>1. F 2. C 3. F 4. A 5. C 6. C 7. E 8. G 9. G 10. G 11. B 12. D</p> <p>BALIKAN</p> <p>1. C 2. D 3. E 4. F 5. G 6. A 7. B 8. C 9. D 10. E</p>
--	---	--

Sanggunian

Hazel P. Copiaco at Emilio S. Jacinto. *Halinang Umawit at Gumuhit 5* Textbook. Vibal Group Incorporated. 2016. Gregorio Araneta Avenue, Quezon City, Philippines. Pahina 94-96

Carmelita H. Josen, Glenn G. Agda, Ernesto G. Agda, Ma. Victoria M. Ronidel-Flores. *Dynamic Series in MAPEH*. JO-ES Publishing House Inc. 2017. #388 Mc Arthur Highway, Dalandanan, Valenzuela City, Philippines. Pahina 108-111

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph